Pagsasanay sa Filipino

© 2012 Pia Noche, www.samutsamot.wordpress.com

Mga sagot sa Simuno at Panaguri

A. *Panuto:* Salungguhitan ang buong simuno sa bawat pangungusap.

1. Kami ay maglalakad papunta sa simbahan.
2. Si Nanay ay pupunta sa palengke mamaya.
3. Maghusay na boksingero si Manny Pacquiao.
4. Mabait at masunurin na bata ang pinsan ko.
5. Tumawa nang malakas ang nanonood ng pelikula.
6. Ang itim na pusa ay natutulog sa ilalim ng mesa.
7. Sina Felix at Mike ay naglalaro ng basketbol sa parke.
8. Mainit at masarap ang sabaw na inihanda ni Ate Magda.
9. Tungkulin ng lahat ang pag-aalaga sa likas ng yaman ng bansa.
10. Ang bagong kotse ni Mang Tony ay nakaparada sa harap ng tindahan.
11. Nakalimutan dalhin ni Tito Ernesto ang pasalubong para kay Miguel.
12. Ang mga mag-aaral ni Binibining Gomez ay handa na para sa pagsusulit.

B. *Panuto:* Salungguhitan ang buong panaguri sa bawat pangungusap.

1. Mabango ang mga bulaklak sa plorera.
2. Binigyan ng magandang damit si Trina.
3. Si Ate Mila ay nagluluto ng tinolang manok.
4. Sa Oktubre ang kaarawan ni Binibining Lina.
5. Tumakbo nang mabilis ang asong pinakawalan.
6. Sina Lolo at Lola ay sasama sa atin sa Luneta.
7. Ang pag-alaga ng hayop ay malaking responsabilidad.
8. Maagang pumasok sa paaralan sina Camille at Cheska.
9. Mabuti para sa katawan ang araw-araw na pag-eehersisyo.
10. Dumating kanina ang hinihintay mong liham mula sa kapatid mo.
11. Hinog na ang mga manggang nabili ni Lola Trining sa palengke.
12. Ang basurang nabubulok ay dapat ihiwalay sa basurang di-nabubulok.
13. Si Juanita ang napiling kinatawan ng ating paaralan para sa paligsahan.